

ALAMIN ANG MGA KARAPATAN MO SA PAGTATRABAHO SA NJ:

PAGHAHAIN NG REKLAMO SA SWELDO AT ORAS

Paano maghain, mga importanteng tip at ano ang aasahan

myworkrights.nj.gov



NAG-IIMBESTIGA Kami

- Pagnanakaw ng sweldo/mga hindi binayarang sweldo; mga paglabag sa minimum wage at overtime
- Mga paglabag sa nakamit na sick leave
- Paghihiganti ng mga employer
- Maling klasipikasyon ng employer sa mga independiyenteng kontratista
- Mga nagpapatuloy na paglabag sa sweldo (mga proyekyo sa konstruksiyon na pampublikong pinopondohan)
- Mga espesyal na proteksyon ay ipinapatupad sa:
 - Mga kasambahay
 - Mga tipped worker
 - Mga manggagawa sa bukid
 - Mga batang manggagawa/child labor
 - Mga pansamantalang manggagawa

Ano ang aasahan **KAPAG NAGHAIN KA**

1. Kapag naghain ka online, tatanggap ka ng confirmation number sa pamamagitan ng email sa loob ng 10 araw. Ang mga paper complaint ay hindi tatanggap ng confirmation number.
2. Ang reklamo ay maaaring italaga sa isang imbestigador; isasangguni para sa pagdinig sa pagkolekta ng sweldo; pangangasiwaan sa pamamagitan ng koreo o sa pagpupulong kasama ang isang kinatawan ng NJDOL; o sa ilang kaso, isasangguni sa isa pang ahensya ng gobyerno. Kokontakin ka kung hindi namin tatanggapin ang iyong reklamo.
3. Tingnan sa **wagehour.nj.gov** gamit ang iyong confirmation number para makita kung saan isinangguni ang iyong reklamo. Hayaan ang 30 araw matapos maghain.
4. Maaaring kontakin ang iyong employer. Sa ilang sitwasyon, maaari naming hilingin ang iyong nakasulat na pahintulot para ibahagi ang iyong pagkakakilanlan o impormasyon na iyong ibinigay sa iyong employer. Maaari kang tumanggi. Hindi namin ipapaalam sa iyong employer na nagreklamo ka maliban sa mga napakalimitadong pangyayari. Alamin pa sa buong handout na ito.
5. Maaaring tumagal ng mga linggo o buwan ang notipikasyon ng mga resulta. Kung may utang na pera sa iyo ang iyong employer, maaari ka nilang bayaran nang direkta o sa pamamagitan namin. Ang pagbabayad ay hindi ginagarantiyahan. Kung matukoy namin na walang perang pagkakautang sa iyo, maaari kang umapela. Alamin pa sa **nj.gov/labor/wageappeal**.

Para magtanong tungkol sa paper complaint o para sa iba pang mga katanungan, tumawag sa **(609) 292-2305** o mag-email sa **wage.hour@dol.nj.gov**. Gagawin namin ang lahat ng pagsisikap na ibigay ang tulong sa iyong wika.

Alamin pa sa **nj.gov/labor/investigate**.

MGA TIP sa paghahain

- Isang pinagkakatiwalaang tao ang maaaring maghain sa pangalan mo at tumulong sa iyo na maghain
- Ang mga grupo ng mga empleyado ay dapat maghain ng makakahiwalay na reklamo
- Sagutin nang tama at magsumite ng mga kopya, hindi mga orihinal, ng lahat ng nauugnay na dokumento
- Maaaring hilingin sa iyo na magbigay ng karagdagang mga detalye (hal. impormasyon ng employer, mga oras na nagtrabaho)
- Mga manggagawa sa bukid, mag-email sa farms@dol.nj.gov, para sabihin sa amin kung naghain ka o para kumuha ng tulong

KATAYUAN SA IMIGRASYON, PAGIGING KUMPIDENSYAL at PAGHAHAIN NANG HINDI NAGPAPAKILALA

Hindi nagtatanong ang NJDOL tungkol sa pagkamamamayan at naglilingkod sa lahat ng manggagawa anumanang kanilang katayuan sa imigrasyon. Hindi ibabahagi ng NJDOL ang anumang impormasyon, kabilang ang mga ahensya ng imigrasyon, maliban kung iniatas ng batas o mga regulasyon.

Sa mga limitadong kaso, maaaring isiwalat ng NJDOL ang impormasyon ng pagkakakilanlan. Halimbawa, kung ito ay para ipatupad ang batas ng NJDOL, o iniatas ng isang hukom o ahensya ng gobyerno. Dapat magbigay ang mga nagpapatupad ng batas ang nilagdaang kahilingan at warrant, at patunayan na pananatilihin nilang kumpidensyal ang impormasyon ng pagkakakilanlan. Hindi namin maaaring ibigay ang impormasyon ng pagkakakilanlan sa isang ahensya ng gobyerno kung ang iyong reklamo ay inihain laban sa kanila.

Para maghain nang hindi nagpapakilala, ihain sa pamamagitan ng koreo o fax. Isulat "ANONYMOUS" sa seksyon ng pangalan ng complaint form at iwanang blangko. Hindi makatatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong reklamo o magagawang tingnan ang katayuan nito.

PROTEKSYON mula sa PAGHIHIGANTI

Labag sa batas para sa mga employer na gumanti laban sa iyo dahil sa paghahain ng reklamo. Ang mga employer na lumalabag sa batas ay maaaring humaral sa mga multa at kaparusahan. Alamin pa sa myworkrights.nj.gov.

Paano MAGHAIN NG REKLAMO

Online: myworkrights.nj.gov

Koreo:

New Jersey Department of Labor and Workforce Development
Division of Wage and Hour Compliance, P.O. Box 389, Trenton, NJ 08625-0389

Fax: (609) 695-1174

Mag-print ng paper form sa: nj.gov/labor/file

I-scan dito:



NJ.GOV/LABOR
MYWORKRIGHTS.NJ.GOV